PRIMER sa PAGPAPAREHISTRO / PAGPAPASERTIPIKA
BILANG ISANG OVERSEAS ABSENTEE VOTER

(mula ika-1 ng Octubre 2005 hanggang ika-31 ng Agosto 2006)

UPANG MAKABOTO SA 2007 SENATORIAL & PARTY-LIST ELECTIONS

MAARING I-DOWNLOAD ANG OAVF NO. 1 MULA SA WEBSITE NG COMELEC

1. I-download ang OAVF No. 1 mula sa website ng COMELEC www.comelec.gov.ph.
2. Punuin ang mga kinakailangang personal na impormasyon na hinihingi sa OAVF No.1.
3. Mula ika-1 ng Oktubre 2005 hanggang ika-31 ng Agosto 2006, pumunta sa pinakamalapit na Embahada o Konsulado upang i-sumite ang OAVF No.1 kasama ng kopya ng iyong Pasaporte.
4. Magpa-biometrics.

MGA LISTAHAN NG MGA BOTANTE NA GINAGAMIT SA OVERSEAS ABSENTEE VOTING

National Registry of Overseas Absentee Voters (NROAV). Pangkalahatang listahan ng overseas absentee voters na ginawa, inaprobahan at minimintina ng COMELEC. Nakasaad ditto kung saang Embahada o Konsulado nakarehistro ang isang overseas absentee voter.

Registry of Overseas Absentee Voters (ROAV). Listahan ng overseas absentee voters bawat lungsod/bayan na ginawa, inaprobahan at minimintina ng COMELEC.

Certified List of Overseas Absentee Voters (CLOAV). Listahan ng overseas absentee voters sa bawat Embahada o Konsulado na inaprobahan ng COMELEC.

KUNG NAKAPAGREHISTRO O NAKAPAGPASERTIPIKA KA NA NOONG 2003

Kung ang iyong pangalan ay nasa National Registry of Overseas Absentee Voters (NROAV) at may biometrics ka na.

Din a kailangang magparehistro muli.

Kung ang iyong pangalan ay wala pa sa NROAV.

Magparehistro o magpasertipika bilang overseas absentee voter.

Kung ang iyong pangalan ay nasa NROAV na ng iyong Embahada o Konsulado pero wala ka pang biometrics.

Mag-sumite muli ng OAVF No.1 sa iyong Embahada o Konsulado para makunan ng biometrics.

Kung ang iyong pangalan ay nasa NROAV ng ibang Embahada o Consulado at may biometric ka na.

Hindi mo na kailangang magpa-rehistro o magpa-sertipikang muli. Kailangan mo na lamang mag-sumite ng OAVF No. 1B (Letter-Request for Transfer of Registration Record) sa iyong Embahada o Konsulado.

Kung and iyong pangalan ay nasa NROAV ng ibang Embahada o Konsulado pero wala ka pang biometrics.

Kailangan mong mag-sumite ng OAVF Nos. 1B at 1 para makunan ng biometrics sa iyong Embahada o Konsulado.

Kung mapapalipat ng registration record upang makaboto sa lilipatang lugar

Mag-sumite ng OAVF No. 1B sa Embajada o Konsulado ng bago mong tinitirahan o pinapasukan o di kaya sa mismong COAV sa Maynila mula ika-1 ng Oktubre 2005 hanggang ika-31 Agosto 2006.

Kung ang nilipatan mong tiran o pinasupasukan ay nasa juridiction ng iisang Embahada o Konsulado

Mag-sumite ng OAVF No. 1B sa Embahada o Consulado o di kaya sa COAV sa Maynila mula ika-1 ng Octubre 2005 hanggang ika-31 Agosto 2006.

Kung ikaw ay babalik sa dating tinitirahan sa Filipinas

Mag-sumite ng OAVF No. 1B sa COAV sa Manila mula ika-16 ng Mayo 2005 hanggang ika-30 ng Setyembre 2006.

Kapag nakatanggap ka mula sa COAV ng sulat na naaprobahan ang iyong aplikasyon ng paglipat ng registration record, pumunta sa tanggapan ng Election Officer (EO) kung saan ka naninirahan, mag-sumite ng CEF 1B (Local – Application for Transfer) at magpa-biometrics.

Kung ikaw ay babalik at may bagong tirahan sa Pilipinas

Mag-sumite ng OAVF No. 1B sa COAV mula ika-1 ng Oktubre 2005 hanggang ika-31 ng Agosto 2006.

Kapag nakatanggap ka mula sa COAV ng sulat na naaprobahan ng iyong aplikasyon ng paglipat ng registration record, pumunta sa tanggapan ng EO kung saan ka naninirahan, mag-sumite ng CEF 1B (Local – Application for Transfer) at magpa-biometrics.

MGA DAPAT TANDAAN

- Ang lahat ng mga binanggit na OAV forms ay maaaring i-download sa website ng COMELEC. Ang DFA at ang iyong Embahada o Konsulado ay may mga kopya rin nito.

- Ang mga nakasaad sa OAVF Nos. 1 at 1B ay kailangan panumpaan sa harap ng awtorisadong opisyal ng Embahada o Konsulado.

- Kapag hindi nagpa-biometrics, hindi kumpleto ang iyong aplikasyon at ito ay hindi tatanggapin.

- Ang iyong pagpaparehistro o pagpapasertipika ay hindi nangangahulugang aprobado na ang aplikasyon sapagkat kailngan pa iong aksyonan ng COMELEC.

- Ang mga pangalan ng may aprobadong aplikasyon ay ililista sa website ng COMELEC at bibigyan naman ng listahan ang DFA at mga Embahada o Konsulado.

- Ang mga aplikante na hindi na-aprobahan ang aplikasyon ay padadalhan ng Notice of Disapproval na nagsasaad ng dahilan ng pagka-disaproba nito.

- Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Embahada o Konsulado o di kaya ay sa COAV sa Maynila sa pamamagitan ng iyong kinatawan makalipas ang dalawang (2) buwan mula sa pagpaparehistro o pagpapasertipika upang malaman kung ang iyong aplikasyon ay naaksyonan.